VICTORY

FILIPINO WEEK 3

# Ang Tao na Nagtatrabaho

## NOTES

## WARM-UP

- Ano ang isang bagay na mahusay mong nagagawa? Paano mo natutunan ang kakayahan na ito?
- Ano ang paborito mong araw sa isang linggo? Bakit ito ang iyong paborito?
- Alalahanin ang isang pagkakataon kung kailan hindi mo naibigay ang buo mong husay sa iyong trabaho. Ano ang naging bunga nito?

**WORD** *Ang magsasakang masipag ay laging sagana sa pagkain, ngunit ang walang sapat na pang-unawa ay nagsasayang ng oras sa mga walang kabuluhang gawain.* **MGA KAWIKAAN 12:11**

---

Ang trabaho, gaya ng lahat na mayroon tayo, ay isang pagpapala na mula sa Diyos. Hindi Niya lamang tayo binibigyan ng trabaho o pagkakataon na makapaglingkod. Binibigyan din Niya tayo ng kalakasan, karunungan, at kakayahan na magampanan ang lahat ng ito ng may kahusayan. Kung tayo ay magtatrabaho sa ating lupain, tayo ay pagpapalain. Subalit kung ating aasamin lamang ang mga walang kwentang gawain, magpapakita lamang ito ng ating kakulangan sa pang-unawa. Sa araling ito, ating tingnan kung paano tayo dapat magtrabaho batay sa nakasulat sa Mga Kawikaan: taglay ang kakayahan, katapatan, at kasipagan.

## 1 Kakayahan

*Ang taong mahusay magtrabaho ay maglilingkod sa mga hari at hindi sa pangkaraniwang tao.* **MGA KAWIKAAN 22:29**

Ang mga taong magaling sa kanilang trabaho ay kikilalanin dahil dito—maging ng mga hari at iba pang tao na may kapangyarihan sa lipunan. Nangangahulagan ito na dapat nating gawin ang ating mga trabaho ng may pag-iingat at kagalingan. Kung tayo ay magiging matapat sa maliliit na bagay at magpapalago sa mga ito, ano ang ipinangako ni Jesus (Mateo 25:21)?

## 2 Karangalan

*May kapayapaan ang taong namumuhay ng matuwid, ngunit ang masama ang pamumuhay ay malalantad.*
**MGA KAWIKAAN 10:9**

Sa ating pagtatrabaho, bilang mga tagasunod ni Jesus, ating ipinahahayag kung sino Siya at tayo ay kumakatawan sa Kanya. Dahil dito, dapat tayong mamuhay ng may dangal o integridad. Dapat nating gawin ang tama kahit pa ito ay mahirap, kahit pa may "shortcut" o mas madaling paraan ng paggawa rito, at kahit pa hindi kinikilala o pinupuri ng ibang tao ang trabahong ating ginagawa. Ano ang ibig sabihin ng "dangal"? Bakit hindi posible ang magkaroon ng "dangal" ng walang tulong at kakayahan na nagmumula sa Diyos?

## 3 Kasipagan

*Nagpapahirap ang katamaran, ngunit ang kasipagan ay nagpapayaman.* **MGA KAWIKAAN 10:4**

Sa berso na ito, makikita ang kaibahan ng katamaran at kasipagan. Kung tayo ay magiging tamad at mabagal sa ating trabaho, kahirapan ang ating matatamasa. Subalit kung tayo ay magiging masipag at magtatrabaho nang husto, kasaganaan at kaunlaran ang mapapasa atin. Ayon sa Bibliya, inuutusan ng Diyos ang kanyang mga mamamayan na magtrabaho ng mahusay upang Siya ay maparangalan at upang tayo ay maging pagpapala sa ibang tao. Ano ang ibig sabihin ng pagiging masipag? Paano mo natutunang maging masipag?

## APPLICATION

- Anong uri ka ng mangagawa, at anong uri ng mangagawa ang nais mong maging? Paano mo maisasapamuhay ang iyong mga natutunan itong linggo?
- Paano mo magagawang maging isang taong may dangal o integridad? Anong aspeto ng iyong buhay ang hindi naaayon sa kagustuhan ng Diyos para sa iyo, at ano ang maaari mong gawin tungkol dito?
- Sa anong aspeto mo kailangang maging mas masipag? Paano mo magagawang maging mas masipag araw-araw?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa katotohanan ng Kanyang Salita at sa mga pagpapala at katagumpayan na nagmumula sa pagsunod sa Kanyang mga Salita.
- Hingin sa Diyos ang kakayahan, karunungan, at katangian upang magawa ng may husay ang ating mga trabaho araw-araw. Ipanalangin na ikaw ay bigyan ng pangtustos sa iyong mga pangangailangan.
- Ipanalangin na ang iyong buhay at katangian ay maging isang maka-Diyos na halimbawa sa mga taong iyong makakatrabaho.

VICTORY

© 2015 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph